UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19

Utos sa Emerhensyang Pagbubukod ng Pampublikong Kalusugan

Nirebisang Utos na Inilabas: Hulyo 23, 2020

Ang Order na ito ay pumapalit sa Hulyo 1, 2020 Utos sa Emerhensyang Pagbubukod ng Pampublikong Kalusugan

Ang Order na ito ay epektibo hanggang sa ipawalang-bisa ng Opisyal ng Kalusugan

SINO ANG INAATASAN NA SUMUNOD SA UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NA ITO

Ang lahat ng mga indibidwal na naninirahan sa Hurisdiksyon ng Kalusugan ng Los Angeles County na nasuri sa o malamang na may COVID-19 ay inaatasan na ibukod ang kanilang mga sarili at sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Utos na ito. Ang isang tao ay itinuturing na nasuri sa o malamang na may COVID-19, batay sa isa o higit pa sa sumusunod na pamantayan:

a) Sila ay nakatanggap ng isang positibong dayagnostikong (pang-virus) pagsusuri para sa COVID-19 at/o
b) Sila ay sinabihan ng isang doktor na malamang na sila ay may COVID-19 at/o
c) Sila ay may mga sintomas na tumutukoy sa COVID-19 (hal., lagnat, ubo, o pangangapos ng hininga).

ANO ANG INAATAS NA GAWIN MO KUNG IKAW AY MAY O MALAMANG NA MAY COVID-19

Para pigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County ("Opisyal ng Kalusugan") dito ay inaatasan Ka na agad na:

a) Ibukod ang sarili at
b) Sabihan ang Iyong mga malapitang nakasalamuha na i-quarantine ang sarili at
c) Sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Utos na ito.

MGA TAGUBILIN

Kung Ikaw ay may o malamang na may COVID-19 batay sa pamantayan na itinukoy sa itaas, Ikaw ay inaatasan na sundin ang mga tagubilin na ito:

1. Ibukod ang Sarili Hanggang sa Wala Ka ng Panganib sa Pagkakalat ng COVID-19

Dapat mong ibukod ang Iyong sarili (manatili sa Iyong bahay o sa isa pang tirahan) hanggang sa Ikaw ay hindi na panganib para sa pagkakalat ng COVID-19. Hanggang sa oras na ito, hindi Ka maaaring umalis sa Iyong lugar ng pagbubukod o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng kinakailangang medikal na pangangalaga. Gayunpaman, kung Ikaw ay isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare worker) o unang tagapagtugon (first responder) na walang mga sintomas (asymptomatic), maaari Mong sundin ang mga protokol sa pagbabalik-sa-trabaho na itinatag ng Iyong amo o employer.

Ikaw ay inaatasan na ibukod ang sarili dahil maaari Mong madaling ikalat ang COVID-19 sa ibang mga tao, kasama ang mga tao na may mataas na panganib para sa malubhang sakit, tulad ng mga nakakatandang adulto at mga taong may napapailalim na mga kondisyong medikal.

Isaalang-alang ang pakikipag-ugnayan sa Iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider), pangklinikang linya sa pagpapayo, o tagapagbigay ng telemedicine para sa medikal na pagtatasa at para talakayin kung Ikaw ay dapat na masuri (kung hindi pa nasusuri). Kung Ikaw ay isang mas matandang adulto at/o may mga kondisyong medikal na maaaring maglagay sa Iyo sa panganib para sa malubhang pagkakasakit, mahalaga na maagang ipaalam sa Iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung Ikaw ay may bago o lumalalang mga sintomas.

Maghanap agad ng mabilisan o pang-emerhensyang medikal na pangangalaga kung Ikaw ay nahihirapan sa paghinga, presyon o sakit sa Iyong dibdib, o anumang iba pang mga sintomas na malubha o nakapagpapaalala sa Iyo.

Mga Tagubilin sa Pagbubukod ng Sarili: Habang nakabukod ang iyong sarili, Ikaw ay inaatasan na sundin ang "Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa mga Taong may Impeksyon ng COVID-19," na magagamit sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga wika. Maingat na rebyuhin at sundin ang mga tagubiling ito.

Tagal ng Pagbubukod sa Sarili:

a) Kung Ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19, dapat Mong Ibukod ang Iyong sarili hanggang sa:
   - Hindi bababa sa 10 araw na ang nakalipas simula nang unang lumabas ang Iyong mga sintomas at
   - Hindi bababa sa 24 na oras na ang nakalipas mula sa huli mong lagnat nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng mga lagnat at
   - Ang Iyong mga sintomas (halimbawa, ubo o pangangapos ng hininga) ay bumuti na.

b) Kung Ikaw ay nasuring positibo para sa COVID-19, ngunit hindi kailanman nagkaroon ng anumang mga sintomas, dapat Mong ibukod ang Iyong sarili nang 10 araw pagkatapos ng petsa na kinunan ang Iyong unang positibong dayagnostikong (pang-virus) pagsusuri. Gayunpaman, kung Ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas habang Ikaw ay nakabukod, dapat Mong sundin ang mga tagubilin para sa mga indibidwal na may mga sintomas ng COVID-19 (Tingnan sa itaas).

2. Sabihan ang Iyong mga Malapitang Nakasalamuha na I-quarantine ang Sarili

Dapat Mong abisuhan ang lahat ng Iyong mga malapitang nakasalamuha, tulad ng tinukoy sa ibaba, na sila ay inaatasan na mag-quarantine (manatili sa kanilang bahay o sa isa pang tirahan) dahil sila ay malamang na nalantad sa COVID-19 at kung nahawaan, maaaring madaling maikalat ito sa ibang mga tao. Habang naka-quarantine, hindi sila maaaring umalis sa kanilang lugar ng quarantine o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng kinakailangang medikal na pangangalaga. Gayunpaman, kung ang Iyong mga malapitang nakasalamuha ay mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare personnel) o mga unang tagapagtugon (first responders) na walang mga sintomas (asymptomatic), maaari nilang sundin ang mga protokol sa pagbabalik-sa-trabaho na itinatag ng kanilang amo o employer

Kahulugan ng Malapitang Nakasalamuha: Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang "malapitang nakasalamuha" ay tinukoy bilang sinuman sa mga sumusunod na tao na nalantad sa isang tao na nasuri na may o malamang na may COVID-19 ("nahawaang tao") habang sila ay nakakahawa*:

a) Isang indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawaang tao nang hindi bababa sa 15

minuto, o

b) Isang indibidwal na may hindi protektadong pakikisalamuha sa mga likido at/o sekresyon ng katawan ng nahawaang tao, halimbawa, naubuhan o nabahingan, pagsasalo-salo ng mga kubyertos (mga kutsara't tinidor) o laway, o nagbibigay ng pangangalaga nang hindi gumagamit ng naaangkop na pamprotektang kagamitan.

* Ang isang nahawaang tao ay sinumang tao na may COVID-19 o mga tao, na dahil sa kanilang mga sintomas, ay pinaghihinalaan na may COVID-19. Ang mga nahawaang tao ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumabas hanggang sa oras na hindi na sila inaatasan na magbukod (tulad ng inilalarawan sa "Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa mga Taong may COVID-19"). Ang tao na may positibong pagsusuri sa COVID-19, ngunit walang mga sintomas, ay itinuturing na nakakahawa 2 araw bago kinunan ang kanilang unang positibong pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos na kinunan ang pagsusuring iyon.

Mga Tagubulin sa Pag-quarantine ng Sarili: Ang Iyong mga malapitang nakasalamuha ay inaatasan na sundin ang Los Angeles County "Utos sa Pang-emerhensyang Quarantine ng Pampublikong Kalusugan" para sa COVID-19 at lahat ng mga direksyon sa "Mga Tagubilin sa Pag-quarantine sa Bahay para sa mga Malapitang Nakasalamuha sa COVID-19," na magagamit sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga wika.

Tagal ng Pag-quarantine sa Sarili: Ang Iyong mga malapitang nakasalamuha ay inaatasan na i-quarantine ang sarili nang 14 na araw pagkatapos ng kanilang huling pakikisalamuha sa Iyo (ang karaniwang oras sa pagitan ng pagkakalantad at kung kailan ang mga sintomas at palatandaan ng sakit ay maaaring mabuo).

LAYUNIN NG UTOS

Ang layunin ng Utos na ito ay para tumulong pabagalin ang Novel Coronavirus (COVID-19), para protektahan ang mga indibidwal na may mataas na panganib, at para protektahan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan mula sa biglaang pagtaas ng mga kaso sa kanyang mga pang-emerhensyang silid at mga ospital. Ang California ay nasa Estado ng Emerhensya dahil sa pandemyang COVID-19 at ang COVID-19 ay isang malaking peligro sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng Los Angeles. Ang virus ay madaling kumalat sa pagitan ng mga tao na malapitang nakasalamuha ng isa pang tao. Ang lahat ay nasa panganib sa pagkakasakit, ngunit ang ilang mga tao ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit (kabilang ang pulmonya o nabigo ng organ) o kamatayan dahil sa kanilang edad, pisikal na kalagayan, at/o katayuan sa kalusugan. Walang bakunang magagamit para magprotekta laban sa COVID-19 at walang napatunayang gamot para iwasan ang sakit.

Ang Utos na ito ay batay sa ebidensya sa agham at mga pinakamahuhusay na kasanayan, na kasalukuyan ay kilala at magagamit. Ang pagbubukod at pag-quarantine ay inirerekomenda ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC) at iba pang mga eksperto sa pampublikong kalusugan bilang isang napatunayang estratehiya para sa pagpigil ng transmisyon ng COVID-19.

LEGAL NA AWTORIDAD

Ang Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles ay ginawa sa ilalim ng awtoridad ng Kalusugan ng California at mga Seksyon sa Pangkaligtasang Kowd 101040, 101085, 120175, 120215, 120220, at 120225. Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring kabilangan ng detensyong sibil o pag-aatas sa isang tao na

manatili sa isang pasilidad ng kalusugan o iba pang lokasyon, para protektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na sumasailalim sa Utos na ito ay lalabag o mabibigong sumunod sa Utos na ito. Ang paglabag sa Utos na ito ay isa ring munting pagkakasala na mapaparusahan sa pamamagitan ng pagkakakulong, multa, o pareho.

MGA MAPAGKUKUNAN

- Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa mga Taong may COVID-19: www.ph.lacounty.gov/covidisolation (Ingles at iba pang mga wika) at http://ph.lacounty.gov/covidaislamiento (Espanyol)

Mga Mapagkukunan para sa mga Malapitang Nakasalamuha

- Mga Tagubilin sa Pag-quarantine sa Bahay para sa mga Malapitang Nakasalamuha sa COVID-19: www.ph.lacounty.gov/covidquarantine (Ingles at iba pang mga wika) at www.ph.lacounty.gov/covidcuarentena (Espanyol)
- Utos sa Pang-emerhensyang Pagquarantine ng Pampublikong Kalusugan: http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/HOO/HOO_Coronavirus_Blanket_Quarantine.pdf (Ingles) at http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/HOO/HOO_Coronavirus_Blanket_Quarantine-Tagalog.pdf (Tagalog)

MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA UTOS

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Utos na ito, tawagan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (833) 540-0473, Pindutin ang 2.

ITO AY TALAGANG INIUTOS:

Muntu Davis, M.D., M.P.H.
Opisyal ng Kalusugan, County ng Los Angeles

7/23/2020
Petsa